Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa Pang-abay na Pamaraan (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy ang pang-abay na pamaraan sa pangungusap

Salungguhitan ang pang-abay na pamaraan sa pangungusap. Bilugan ang pandiwa na inilalarawan ng pang-abay na ito.

1. Maingat na ibinalik niya ang alahas sa lalagyan nito.
2. Ang tagahatid-sulat ay mabilis maglakad.
3. Sumagot nang pasigaw ang tsuper ng dyip.
4. Dali-dali niyang kinain ang kanyang almusal.
5. Ang mag-anak ko ay tahimik na namumuhay sa probinsiya.
6. Ang mga damit ay itiniklop ni Weng nang maayos.
7. Masipag na nag-aaral ang mga kapatid ko.
8. Ang mga liham na iyan ay binasa niya nang palihim.
9. Kalayaan ang taimtim na hinahangad ng mga tao.
10. Dalus-dalos nilang ibinaba ang mga kahon mula sa trak.
11. Ang dyanitor ay nagmamadaling umakyat ng hagdan.
12. Inalay niya nang buong loob ang kanyang buhay.
13. Itinahi nang mahusay ni Aling Thelma ang mga bestida.
14. Masigasig nilang ibinalot ang mga pagkain para sa mga nasalanta.
15. Ang mga apo ni Ginang Sanchez ay magalang na nakikipag-usap sa mga panauhin.

© 2013 Pia Noche